# TIK, TOK, TIK, TOK

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis.Techie Rodriguez, Elder-Founder
Nobyembre 19, 2022

Nabubuhay tayo sa mabilis na takbo at pagbabago ng mundo kung saan gusto ng lahat ang madaliang proseso: mabilis na mensahe, walang katapusang impormasyon o kaalaman, mabilis na-*access* sa *internet,* mabilis na transaksyon sa bangko (ATM), *instant* na pagkain, at maging sa pagpapakasal at paghihiwalay ay mabilisan na rin. Tunay nga, ang oras ay napakahalaga; hindi na ito muling maibabalik pa. Gayunpaman, pwede nating kontrolin ang oras. Noong kapanahunan ni Hesus, matalino Niyang ginamit ang Kanyang oras para magawa Niya ang Kanyang misyon, hanapin at iligtas ang mga naliligaw. Nanalangin at pumili Siya ng 12 alagad, sinanay at tinuruan upang mabigyan sila ng karapatan at kapangyarihan. Dagdag pa nito, hindi na Siya magtatagal dito sa lupa ng mahigit 3 taon, at kailangan Niya sila upang may magpatuloy sa Kanyang misyon. Dagdag pa nito, hindi Niya kailanman sinayang ang Kanyang oras. Gaya ni Hesus, mayroon din tayong kalayaang pumili paano natin gamitin ang ating oras na binigay ng Diyos at gamitin ito sa paglilingkod sa Kanya.

**1. Paano natin matubos ang ating oras?**

**1.1. Ang oras ay limitado**:

"Itinakda ang tao na minsan lamang mamatay, pagkatapos siya'y huhusgahan."(Heb.9:27)

**1.2. Ang oras ay parang bula:**

"Katulad ng ulap na tangay ng hangin, napaparam siya tulad ng lilim" (Awit 144:4)

**1.3. Kailangan nating tandaan na:**

Ang oras ay madaling mawala.
Ang oras ay hindi nahihiram.
Ang oras ay hindi pwedeng ipunin; ito'y nauubos.
Ang oras ay hindi pwedeng patigilin (gaya ng *stopwatch*).
Ang oras ay hindi nababanat (gaya ng goma).
Ang oras ay mahalaga. Gamitin ito nang matalino.
Ang oras ay lumilipas, ngunit kaya nating kontrolin.
Ang oras ay sinungaling. Hindi totoo na wala tayong oras.

**2. Haba ng buhay**: Sa Bibliya, ang pinaka matandang tao ay si Metuselah, anak ni Enoc na namatay sa edad na 969 (Gen.6:3) Gayunpaman, ang buhay ng tao ay mabilis umikli. Ngayon ang buhay ng tao ay hanggang pitumpu, "ang buhay nami'y umaabot ng pitumpung taon o minsan naman walumpu kung malakas" (Awit 90:10).

**3. Paano tinubos ni Pablo ang kanyang oras?** Siya ay dating taga-usig, ngunit pagkatapos naging taga sunod siya ni Hesus, bumawi siya ng mga panahong iyon. Nangaral siya kahit maraming balakid - hinarang siya, dinala sa korte, at ikinulong. Kaya, noong handa na siyang mamatay ,winika niya, "Puspusan akong lumaban sa paligsahan. Natapos ko na ang dapat kong tapusin. Nananatili akong tapat sa pananampalataya" 2Timoteo 4:7-8).

**4. Bakit kailangan nating tubusin ang ating oras?**

4.1. Marami na tayong nasayang na oras. Kahit pagod si Hesus sa Kanyang misyon, bumangon pa rin Siya sa madaling araw at nagtungo sa ilang na lugar at nanalangin (Marcos 1:35).

4.2. Hindi natin alam kung gaano pa kahaba ang natitirang oras natin.

4.3. Dapat magbigay tayo ng kwenta sa lahat ng oras at oportunidad. "Kaya't lahat tayo ay magbibigay sulit sa Diyos"(Roma 14:12).

**5. Tatlong paraan para matubos ang ating oras:**

1. Magkaroon ng maraming oras sa Diyos.
2. Umayon lagi sa oras, magsimba at tanggapin ang katawan at dugo ni Hesus.
3. Magdesisyon na unahin lagi ang Diyos.

**Konklusyon:**

Ang Diyos ang may akda ng ating buhay. Bawat tik ng orasan-TIK,TOK,TIK,TOK, may ipinapanganak at may namamatay. Tanging ang Diyos ang naka-aalam kung hanggang kailan tayo dito sa mundo. Kaya, magmadali tayong tumulong sa mga nangangailangan, gumawa ng mga gawaing magliligtas sa atin sa kamay ng demonyo.

**Pagninilay:**

1. Ano ang iyong ginagawa sa oras na mayroon ka ngayon?
2. Tinutubos mo ba ang oras kagaya ni Pablo na naging inspirasyon natin?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Oras# Misyon